フィリピノ語

# Ika-2 Pinansyal na Tulong sa Renta ng mga Tenant

Susuportahan namin ang pagpapatuloy ng mga negosyo sa pamamagitan ng pagbibigay tulong para sa ilang mga nakapirming gastos tulad ng renta ng mga maliliit at katamtaman ang laking negosyo o self-employed na mababa ang benta dahil sa epekto ng COVID-19.

**[Mga makakatanggap ng tulong]**

Mga maliliit at katamtamang laking kumpanya, maliliit na negosyante, self-employed atbp. na nangungupa ng lupat at gusali sa Yokkaichi City.

**[Mga kinakailangan para sa tulong]**

Ang mga benta mula Pebrero 2021 hanggang Setyembre 2021 ay naaangkop sa ① o ②.

① Bumaba ng 50% o higit pa sa isang buwan kumpara sa parehong buwan ng nakaraang taon o nakaraang dalawang taon

② Bumaba ng 30% o higit pa sa 3 magkakasunod na buwan ang kabuuan kumpara sa parehong buwan ng nakaraang taon o nakaraang dalawang taon

**[Halaga ng pinansyal na tulong]**

1/2 ng renta atbp. ng tenant para sa buwan ng Agosto/Setyembre/Oktubre (hanggang 100,000 yen bawat buwan)

## Hanggang 300,000 yen bawat establisyemento o opisina

**[Panahon ng pagtanggap]**

Mula Oktubre 25, 2021 (Lunes) hanggang Enero 31, 2022 (Lunes) 3:00 pm

**[Paano mag-apply]**

- Online: https://www.yokkaichi-tenant.com (simula Nobyembre 1)
- Pagpapadala sa postal mail: Enero 31, 2022 (Lunes) (postmark deadline sa araw na iyon)

* Mangyaring i-download ang application form mula sa website sa itaas.

**[Address na pagpapadalhan ng postal mail]**

〒510-8501 2-5 Suwa-cho, Yokkaiichi-shi, Mie-ken
Yokkaichi City Chamber of Commerce and Industry 3F
To: Opisina ng tulong sa renta ng mga tenant

* Mula sa pananaw ng pagpigil ng pagkalat ng COVID-19, hindi kami tatanggap ng kahit anong pagsumite sa pamamagitan ng personal na pagdadala nito.

* Hindi ito tatanggapin kung kulang sa bayad.

* Mangyaring magpadala sa paraan na mata-track ang postal mail tulad ng letter pack o simpleng rehistradong mail.

**[Para sa mga katanungan]**

* Hindi kami nagsasagawa ng konsultasyon sa aplikasyon sa counter, atbp., kaya't mangyaring makipag-ugnayan sa pamamagitan ng telepono.

Yokkaichi City Chamber of Commerce and Industry 3F
Opisina ng tulong sa renta ng mga tenant
Numero ng telepono: 059-350-2530
Oras ng pagtanggap: 9:30 am hanggang 12:00 pm, 1:00 pm hanggang 5:00 pm
(Lunes hanggang Biyernes, maliban sa Sabado, Linggo at pambansang pista opisyal)